# 2

# MATERYALISMONG DIYALEKTIKO

## Pambungad

Materyalismong diyalektiko ang pananaw sa daigdig ng rebolusyonaryong proletaryado. Ito ang batayang pagtingin at pag-unawa ng proletaryado sa kalikasan, lipunan at kaalaman ng tao. Nililinaw nito sa saligan kung paano pag-aaralan at babaguhin ng proletaryado ang daigdig at lipunan. Materyalismong diyalektiko ang pundasyon ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, ang ideolohiya ng proletaryado.

May dalawang namumukod na katangian ang materyalismong diyalektiko. Una, ang makauring katangian nito: pananaw sa daigdig ng proletaryado ang materyalismong diyalektiko. Natuklasan ito ng proletaryado at hayagang nagsisilbi sa pakikibaka nito at hindi ng anupamang uri. Pangalawa, ang pagiging praktikal nito: idinidiin ng materyalismong diyalektiko na ang teorya ay nakasalalay sa praktika, nagmumula sa praktika at nasusubok ang kawastuan sa praktika. Nagsisilbi ang materyalismong diyalektiko sa aktibong pagbabago sa

mundo. Pinag-aaralan ng materyalismong diyalektiko ang mundo sa tanging layuning mulat na baguhin ito.

Dapat sapulin at itaguyod ang materyalismong diyalektiko para wastong maunawaan at maisabuhay ang mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at rebolusyong Pilipino. Kailangan ito para maging tunay at lubos na rebolusyonaryo ang paninindigan, pananaw at paraan ng pakikitungo sa lahat ng usapin, at mabisang maipatupad ang rebolusyonaryong linya at patakaran ng Partido sa iba't ibang kalagayan, linya ng gawain at saklaw.

Ang materyalismong diyalektiko ang susi sa pagpapanibagong-hubog sa sarili ng mga Komunista. Ang nasa kaibuturan ng pagpapanibagong-hubog sa ideolohiya ay ang pagpapaunlad ng puspusang materyalistang diyalektikong pananaw kasabay ng pagbaka sa ideyalista at metapisikal na pananaw. Sa gayon natin nalilinang ang mabubuting katangian ng mga mulat at militanteng mandirigma ng proletaryado: mga tapat at tunay na Komunista.

Ang paksa ng pag-aaral ay nahahati sa tatlong bahagi:

1) Ang Dalawang Pananaw sa Daigdig—na naglilinaw sa mga saligang katangian ng materyalismong diyalektiko at saligang pagkakaiba nito sa ideyalismo;
2) Teorya ng Kaalaman ng Materyalismong Diyalektiko—na naglilinaw kung paano nabubuo at umuunlad ang kaalaman ng tao; at
3) Diyalektikong Pag-unlad ng mga Bagay—na naglilinaw sa mga saligang prinsipyo ng pagbabago ng mga bagay.

# A. Ang Dalawang Pananaw sa Daigdig

## 1. Ano ang dalawang pananaw sa daigdig?

Ang dalawang malaki at nagtutunggaliang kampo ng mga pananaw sa daigdig sa kasalukuyan ay ang ideyalismo at materyalismong diyalektiko.

Ang pagkakahating ito ay nakabatay sa magkasalungat na paninindigan sa dalawang pundamental na usapin:

a) hinggil sa relasyon ng kamalayan ng tao sa kalikasan, relasyon ng pag-iisip sa aktwal na pag-iral ng mga bagay; at

b) hinggil sa pag-unawa sa pagbabago at pag-unlad ng daigdig.

### a. Ideyalismo at metapisika

Ang ideyalismo ay naninindigan na nangunguna at mas mapagpasya ang kamalayan at pag-iisip kaysa sa kalikasan. Naniniwala ito na ang pag-iisip at kamalayan ng tao ay hindi nakabatay sa materyal na daigdig bagkus nagsasarili, nakahiwalay at nakapangingibabaw sa materyal na daigdig.

Naniniwala ang ideyalismo na ang mga bagay ay kalipunan lamang ng mga pandama o persepsyon ng tao. Walang bagay na maaaring umiral nang labas sa pandama o kamalayan, nang hindi sa kamalayan nagmumula at nang hindi dito nakasalalay.

Paano umiral ang daigdig noong wala pang tao, o wala pang kamalayan ng tao? Para maipaliwanag ito, ipinapalagay ng ideyalismo na ang buong daigdig ay mga katawang lupa lamang ng isang “makapangyarihang ispiritu” na nakaibabaw at nagpapagalaw sa mga bagay at sa buong daigdig, isang “kamalayan” na mas masaklaw kaysa kamalayan ng tao, at umiiral na bago pa magkaroon ng tao.

Ang pinakahayag na mga halimbawa ng ideyalismo ay ang pagpapaliwanag ng daigdig at mga pangyayari sa daigdig sa pamamagitan ng mga pamahiin, misteryo at ispiritu, at mga paniniwalang panrelihiyon.

Ang metapisika ay bahagi ng ideyalistang pananaw sa daigdig. Ito ang pang-unawa ng ideyalismo sa pagbabago ng daigdig.

Ang daigdig ay itinuturing ng metapisika na kalipunan ng mga bagay na yari na, di nagbabago at magkakahiwalay. Kung may kinikilala mang pagbabago, ipinapalagay na ito'y pagbabago lamang sa dami, hugis o pusisyon ng mga bagay. Ang anumang pagbabago ay simpling-simpleng inuugat din nito sa mga dahilang nasa labas ng bagay. Tinitingnan nito ang mga bagay nang magkakahiwalay at walang relasyon sa isa't isa.

Sinasamba ng metapisika ang umiiral na mga bagay at ideya. Wala itong konsepto ng kasaysayan at pagbabago. Ang tanging nakikita ay ang kasalukuyan. Inaakala na ang umiiral na mga bagay at ideya ay walang hanggan, walang simula at walang katapusan. Kung nakakaharap ng mga aktwal na pagbabago, itinuturing na iyon ay aksidente, nagkataon lamang, o epekto ng mga pwersang panlabas.

Halimbawa ng metapisikang pananaw ang kasabihang "Ang buhay ng tao ay katulad ng gulong; minsa'y nasa ilalim, minsa'y nasa ibabaw". At depende sa swerte o kapalaran kung nasa ilalim o ibabaw ng "gulong ng buhay" ang isang tao.

Bilang mga bahagi ng iisang ideyalistang pananaw sa daigdig, ang ideyalismo at metapisika ay magkapareho sa esensya. Kapwa nila ihinihiwalay ang kamalayan at pag-iisip sa materyal na daigdig na sa katunayan ay walang tigil na nagbabago at gumagalaw alinsunod sa sariling mga batas. Sa pagsusuri sa mga bagay at usapin, katangian ng ideyalismo at metapisika ang mga langong haka-haka na hindi batay sa mga tunay na pangyayari ni sinusubok sa praktika.

**b. Materyalismong diyalektiko**

Ang materyalismong diyalektiko ay naninindigang una ang kalikasan sa kamalayan. Itinuturing nito na ang pag-iisip ay walang iba kundi ang materyal na daigdig na nasasalamin ng utak ng tao at naisalin sa anyo ng mga ideya o mga kaisipan. Naniniwala ang materyalismong diyalektiko na ang kamalayan at pag-iisip ay hindi pwedeng ihiwalay sa utak ng tao, ang materyal na bagay na nag-iisip. Kung wala ang taong may utak, hindi maaaring magkaroon ng kamalayan o pag-iisip. At idinidiin nito na ang laman ng utak o iniisip ng tao ay mga larawan lamang ng mga bagay-bagay o mga pangyayari sa paligid at sarili niya.

Kaya't sa pag-aaral, walang pagdadalawang-isip na inuunawa ng materyalismong diyalektiko ang mga bagay at ang kalikasan nang ayon sa aktwal na pag-iral ng mga ito at nang hindi hinahaluan ng anumang walang batayang mga haka-haka o pamahiin. Hinahanap nito ang katotohanan mula sa mga tunay na pangyayari. Sinusubok nito sa praktika ang kawastuan ng mga kaisipan.

Ang diyalektika ang pag-unawa ng materyalismong diyalektiko sa pag-unlad ng daigdig. Naninindigan ito na ang daigdig ay kalipunan ng mga bagay na di pa lubos na nabubuo, mga bagay na walang tigil na nagbabago at umuunlad. Ang mga bagay na sa biglang-tingin ay di-matitinag at di-nagbabago, gayundin ang ating kaalaman sa kanila, ay dumaraan sa walang humpay na pagsibol at paglaho. Tinitingnan nito na ang walang tigil na pagbabago ng mga bagay ay bunga ng mga kontradiksyon sa loob. Samantala, ang bawat bagay sa paggalaw nito ay naaapektuhan ng at nakakaapekto sa mga bagay sa paligid.

Naniniwala ang materyalismong diyalektiko na hindi lamang sa bilang at pusisyon, hindi lang sa panlabas na anyo nagbabago ang materyal na daigdig at ang lipunan. Mas mahalaga, nagbabago ang esensya o batayang katangian ng mga ito. Naniniwala din ito na ang mga pagbabago sa daigdig at lipunan ay pangunahing bunga ng mga panloob na dahilan. Sekundaryo ang impluwensya at ugnayan dito ng mga panlabas na dahilan.

Puspusang rebolusyonaryo ang materyalismong diyalektiko. Itinuturo nito ang pag-unawa sa daigdig ayon sa materyal o aktwal na pag-iral ng daigdig. Itinuturo nito ang pagiging mapagsuri, disiplinado at mapanlikha para tuklasin ang mga batas na nagtatakda sa pagbabago ng anumang bagay. Itinuturo nito ang aktibong papel ng tao sa pag-unawa sa esensya ng mga bagay, at sa mga dahilan at paraan ng pagbabago ng mga ito.

Bakit kailangang magrebolusyon ang mamamayan laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo? Bakit kailangang magrebolusyon ang proletaryado para agawin ang kapangyarihang pampulitika mula sa burgesya? Ipinapakita ng diyalektiko materyalistang pagsusuri ang batayan ng pagrerebolusyon, ang paraan at direksyon ng pagbabago sa lipunan. Kabaligtaran ito ng ideyalismo at metapisika na bumubulag sa kaisipan ng tao, inililigaw siya mula sa landas ng paglaya, at nagsisilbi para panatilihin ang paghahari ng mga mapagsamantala at mapang-aping uri.

Ipinapaliwanag ng ideyalismo ang karalitaan at kahirapan ng masang anakpawis sa pamamagitan ng "kapalaran", "swerte", "tadhana", "likas na katangian ng tao", at iba pa, na nag-uudyok ng pagiging pasibo at mapagtiis sa mahirap na "kapalaran", at umasa na lamang sa isang bathala, manunubos o kagandahang-loob ng mga mapagsamantala naghaharing uri.

Sa kabilang banda, sinusuri ng materyalismong diyalektiko ang kongkretong kalagayan at kasaysayan ng masa at lipunan, ang mga tunay na relasyon sa ekonomya, pulitika at lipunan na pinagmumulan ng kayamanan at kapangyarihan ng mga naghaharing uri at ng karukhaan at pagkaapi ng mga uring pinagsasamantalahan. Pinakamahalaga, hindi ito tumitigil sa pag-unawa sa kalagayan ng masa at lipunan para lamang mapalawak ang karunungan. Pinag-aaralan ang mga ito sa layuning pundamental na baguhin ang umiiral na mga relasyong mapagsamantala at mapang-api at palayain ang mga uring anakpawis. Dagdag pa, itinuturo nito na dapat umasa ang masa sa kanilang rebolusyonaryong kamulatan, determinasyon,

pagkakaisa at sama-samang pakikibaka upang mabago ang kanilang kalagayan at ang lipunan.

Makapangyarihang sandata ng uring manggagawa ang materyalismong diyalektiko para maunawaan ang kalikasan at lipunan, at aktibong baguhin ang mga ito para sa kapakanan ng sangkatauhan.

## 2. Saan nagmumula ang pag-iral ng dalawang magkasalungat na pananaw sa daigdig?

Ang pag-iral ng dalawang magkasalungat na pananaw sa daigdig ay nagmumula sa kondisyon ng produksyon at sa tunggalian ng mga makauring interes sa lipunan.

### a. Kondisyon ng produksyon

Nakabatay sa antas ng pagsulong ng produksyon sa lipunan ang kabuuang antas ng pag-unawa ng tao sa kalikasan at lipunan. Sa paglahok sa produksyon, nagkakaroon ang tao ng saligang ugnayan sa kalikasan at sa kanyang kapwa-tao. Dito pangunahing nagmumula ang kaalaman at pag-unlad ng kaalaman ng tao.

Bago ang kasalukuyang moderno at malakihang produksyon na gumagamit ng makabagong makinarya at teknolohiya, ang produksyon sa lipunan ay hiwa-hiwalay, maliitan, gumagamit ng mga simpleng kasangkapan at lubhang nalilimitahan ng mga dikta ng kalikasan. Ang atrasadong pagsasaka, halimbawa, ay ginagawa sa hiwa-hiwalay na mga parsela ng lupa ng mga magsasaka at pamilya nila. Ang mga kasangkapan ay simple tulad ng araro, itak, suyod at mga hayop na pantrabaho. Ang buti ng ani ay pangunahing pinagpapasyahan ng likas na katabaan ng lupa at inam ng panahon.

Sa ganitong antas ng produksyon at teknolohiya, hindi nakapagtatakang mabuo at mamayani ang pananaw sa kalikasan at lipunan bilang kalipunan ng mga bagay at pangyayari na hiwa-hiwalay, hindi nagbabago at kinokontrol ng isang panlabas na kapangyarihang nakapangingibabaw sa lahat. Ang paggalaw ng daigdig at lipunan ay ipinapareho sa paulit-ulit na pagsasalitan ng

pagtatanim at pag-ani, ng pagsikat ng araw sa silangan at paglubog nito sa kanluran, at ng mga panahon ng pansamantalang kasaganaan at kahirapan. Sa ganitong antas ng produksyon o mas mababa pa, sumibol at namayani ang ideyalismo at metapisika.

Sa kabilang banda, ang siyentipikong pananaw sa daigdig ng materyalismong diyalektiko ay lumitaw at maaaring lumitaw lamang sa kalagayan ng moderno at malakihang produksyon na gumagamit ng mga makabagong makinarya at makabagong teknolohiya. Ang makabagong produksyon at teknolohiya ay bunga na ng ibayong pagsulong ng siyensyang pangkalikasan at lalo pang nagpapasulong dito. Sa kalagayang ito natutunan ng tao ang pag-alam sa mga angking batas ng kalikasan at mga bagay. Nagamit ang kaalamang ito upang kontrolin ang kalikasan at papaglingkurin ito sa tao. Kaya't sa halip na ituring na pinakikilos ng isang diyos ang kalikasan, maaari nang unawain ang mga batas na tunay na nagpapagalaw dito. Sa pagsulong ng makabagong siyensya at teknolohiya, patuloy na nakapag-ipon din ang tao ng kaalaman hinggil sa walang-hanggang pagkakaiba sa esensya ng mga bagay. Lalong naiintindihan ang pag-uugnayan ng mga bagay sa iba't ibang paraan at ang kanilang walang humpay na pagbabago.

At sa kalagayan ng malakihan at makabagong produksyon, nalantad nang buong linaw pati ang ugnayan ng iba't ibang tao at grupo ng mga tao sa isa't isa. Pinag-ugnay-ugnay ng produksyon at pamilihan ang iba't ibang sangay ng industriya at negosyo, ang industriya at agrikultura, ang iba't ibang uri, saray at sektor ng lipunan. Ang dating hiwa-hiwalay na mga baryo ay nagkaugnay-ugnay sa isang buong sistemang pambansa at panlipunan at maging ang mga bansa ay nagkaugnay-ugnay sa isang buong sistemang pandaigdig.

Kaya't ang materyalismong diyalektiko ay kakambal ng pinakamaunlad na pwersa ng produksyon sa kasaysayan ng lipunan ng tao at umaangkop sa lalong pagsulong nito. Ito'y bunga ng pinakamaunlad na kaalaman ng tao hinggil sa mga batas ng pagbabago ng kalikasan at lipunan at sandata para sa lalong pagpapaunlad ng kaalamang ito. Dahil dito, ang materyalismong

diyalektiko ang siya ring pinakamaunlad na pananaw sa daigdig sa kasaysayan ng sangkatauhan.

**b. Tunggalian ng mga uri**

Higit pang mahalagang dahilan ng pag-iral ng dalawang pananaw sa daigdig ang tunggalian ng mga makauring interes sa lipunan.

Ang kasaysayan ng mga sibilisasyon sa libu-libong taon ay kasaysayan ng tunggalian ng mga uri. Sa lipunang naghahati sa mga uri, bawat tao ay kabilang sa partikular na uri at lahat ng klase ng pag-iisip ay may tatak ng isang uri.

Bawat uri ay nagtataguyod ng pananaw sa daigdig na umaayon sa pang-ekonomya at pampulitikang interes nito. Ito ang dahilan kung bakit sa kabila ng pag-unlad ng produksyon, teknolohiya at kaalaman ng tao sa kalikasan at lipunan sa kasalukuyan, itinaguyod pa rin ng burgesya at iba pang uring nagsasamantala at nang-aapi ang ideyalismo at metapisika. At ito din ang pundamental na dahilan kung bakit tanging ang proletaryado ang nakalagom ng lahat ng pag-unlad ng kaalaman ng tao sa kalikasan at lipunan sa pamamagitan ng paglikha ng materyalismong diyalektiko.

Ang burgesya at iba pang uring nagsasamantala at nang-aapi ay nagsisimula sa pagtatanggol ng kanilang interes laban sa interes ng nakararami. Para ipagtanggol ang kanilang makauring interes, hinahadlangan nila ang patuloy na pagsulong ng lipunan. Ang uring proletaryo naman ay nagsisimula sa pagpapalaya ng buong sangkatauhan sa makauring pagsasamantala at pang-aapi. Ipinaglalaban nito ang patuloy ng pagsulong ng lipunan.

Noong ang burgesya sa Europa ay rebolusyonaryo at nakikibaka pa laban sa paghahari ng uring panginoong maylupa, itinaguyod nito ang isang tipo ng materyalismong makaisang-panig, mekanikal at hindi puspusan upang ibagsak ang ideyalismo at relihiyong nagtatanggol sa pyudalismo at itaguyod ang siyensyang kailangan ng makabagong produksyon. Sa isang banda, pinaluwag ng materyalismong mekanikal ang gapos ng relihiyon sa pag-iisip ng

tao. Pinasigla nito ang siyensyang pangkalikasan at nilabanan ang mga pamahiin. Hinawan nito ang daan para sa pagbagsak ng pyudalismo.

Naniniwala ang materyalismong mekanikal na pangunguna ang kalikasan at mga materyal na bagay sa pag-iisip at kamalayan. Ngunit hindi ito naniniwalang nagbabago sa esensya ang mga bagay at hindi nito kinikilala ang kakayahan ng kamalayan at pag-iisip ng tao na impluwensyahan at baguhin ang materyal na daigdig. Sa tingin nito, ang kalikasan ay gumagalaw sa loob ng makitid lamang na iiinugan, ganyan na at hindi nagbabago magpakailanman. Tinitingnan nito ang mga bagay sa sanlibutan nang hiwa-hiwalay at nakatigil.

Ang kasaysayan ng lipunan sa tingin nito ay di mawariang tambak ng kawalang-katwiran at karahasan. May pagkilala ito sa mga uri at tunggalian ng mga uri pero bilang bahagi ng walang taros na ikid ng karahasang walang katuturan at kasuklam-suklam sa punto de bista ng katwiran at katarungang walang hanggan. Walang patawad na hinusgahan at isinumpa nito ang iba't ibang aspeto ng lumang lipunang pyudal para itinaguyod bilang katapusan ng kasaysayan ang kaharian ng katwirang walang hanggan, katarungang walang hanggan, karapatang walang hanggan, pagkakapantay-pantay base sa kalikasan at di maipagkakait na karapatan ng tao at kontrata sosyal—na walang iba kundi ang paraisong kapitalista sa imahinasyon ng burgesya.

Idinidikta ng siyentipikong katotohanan ang patuloy na pagsulong ng lipunan. Alinsunod sa katotohanang ito, hindi maaaring matapos ang kasaysayan sa pamamayani ng burgesya at sistemang kapitalista. Tiyak ang pagsulong nito patungo sa rebolusyon ng proletaryado at pagpawi ng mga uri at pagsasamantala ng tao sa tao. Tahasang salungat ito sa makauring interes ng burgesya. Kaya't hindi maaring maging puspusan ang pagtataguyod ng burgesya sa siyentipikong pananaw.

Matagal nang ang burgesya ay bumaling mula sa walang patawad na pagtuligsa tungo sa pikit-matang pagtatanggol sa umiiral na kaayusan. Matagal na ring nalantad ang sariling inhustisya, kawalang-katwiran at kabulukan ng tunay na kaharian ng kapital sa balat ng lupa. Tumingkad nang tumingkad ang reaksyonaryong katangian ng burgesya pagkaraang ganap na makapamayani ito sa lipunan at laluna nang lumakas, lumaganap at nagkamit ng malalaking tagumpay ang proletaryong rebolusyon. Sa kasalukuyan, itinataguyod ng malaking burgesya ang pinakareaksyonaryong tipo ng ideyalismo at metapisika.

Ang pananaw sa daigdig ng Rebolusyong Pilipino ng 1896 ay katulad ng materyalismong mekanikal ng rebolusyonaryong burgesya sa Europa noong ika-17 at ika-18 siglo. Sinikap nitong palayain ang pag-iisip ng mga Pilipino mula sa pagkakagapos sa ideyalismo at relihiyon na ipinalaganap ng mga kolonyalistang Espanyol. Ngunit kongkretong nalantad ang kakitiran at limitasyon ng pananaw na ito nang malinlang, mapasuko at malamon ng imperyalismong Estados Unidos ang pamunuang ilustrado.

Sa kasalukuyan, ang hayag na ideyalismo, metapisika, mga pamahiin at relihiyon ay ginagamit ng imperyalismong US, malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa upang pagtakpan, bigyang-matwid at ipagtanggol ang sistemang malakolonyal at malapyudal. Ginagamit nila ang ideyalismo at metapisika upang ikadena ang pag-iisip ng mamamayan sa mga kababalaghan, pamahiin, at pag-aasal-alipin.

Ang uring proletaryo ay anak ng makabago at malakihang produksyon. Ang ibang uring pinagsasamantalahan ay napapawi habang sumusulong ang bagong produksyon. Ngunit ang proletaryado ay lalong lumalaki at lumalakas habang umuunlad ang makabagong produksyon. Bukod pa, ang proletaryado ang tanging uri sa kasaysayan na maaaring lumaya sa pamamagitan lamang ng pagpapalaya ng buong sangkatauhan mula sa makauring pagsasamantala at pang-aapi. Kaya't puspusang rebolusyonaryo ang paninindigan nito sa pagbabago ng lipunan. Kaya't tanging ang

proletaryado ang nakalikha at matatag na nagtataguyod sa puspusang siyentipiko at puspusang rebolusyonaryong pananaw sa daigdig ng materyalismong diyalektiko.

**k. Paglikha ng materyalismong diyalektiko**

Si Karl Marx ang lumikha ng materyalismong diyalektiko. Siya ang unang dakilang guro ng internasyunal na kilusang proletaryo. Isa siyang dakilang pilosopo, ekonomista, istoryan at rebolusyonaryong lider na isinilang sa Alemanya at nabuhay mula 1818 hanggang 1883. Naging malapit na katuwang niya si Frederick Engels, isa pang dakilang gurong Komunista na isinilang sa Alemanya at nabuhay mula 1820 hanggang 1895. Inialay nila ang kanilang buong buhay sa pagsusulong ng kilusan at rebolusyong proletaryo.

Nagsimulang lumahok sa kilusang proletaryo sina Marx at Engels sa panahong nalalantad na sa pinakamaunlad na bansa sa Europa ang kabulukan ng kapitalismo at nagsisimula na ang iba't ibang ispontanyong pakikibaka ng mga manggagawa laban sa kapitalismo. Kaalinsabay, patuloy na lumalaganap ang demokratikong rebolusyon laban sa pyudalismo sa ibang bansa sa Europa.

Itinaguyod ni Marx at Engels ang materyalismo bilang tanging tunay na rebolusyonaryong pilosopiya ayon sa ipinakita ng kasaysayan. Pero bukod dito, ibayong pinalalim, pinaunlad at pinayaman nila ang materyalismo sa pamamagitan ng paglalakip dito ng pinakamataas na pagsulong ng pilosopiyang Aleman, partikular ang teorya ng diyalektika tungkol sa tuluy-tuloy na paggalaw, pagbabago, transpormasyon at pag-unlad batay sa internal na pag-unlad at ugnayan ng mga bagay. Sa gayon, naiwaksi ang pagiging makaisang-panig, pahapyaw at tigil ng lumang materyalismo.

Dagdag pa, kinumpleto ni Marx ang materyalismo sa pagpapasaklaw ng kaalaman sa kalikasan sa pag-alam sa lipunan at kasaysayan at paglikha sa gayon sa materyalismong istoriko. Nalikha nila ang isang ganap na bago at maunlad na sistema ng kaisipan at pananaw sa daigdig at lipunan, ang materyalismong diyalektiko. Sa gabay ng materyalismong diyalektiko at istoriko, naipundar ang

rebolusyonaryong kilusang proletaryo na natatanglawan ng pinakamaunlad at wastong pananaw sa daigdig at nakabatay sa pinakamatibay na siyentipikong pundasyon.

**3. Ano ang dakilang kabuluhan ng materyalismong diyalektiko sa proletaryado at sa Marxista-Leninistang Partido?**

Ang materyalismong diyalektiko ay makapangyarihang sandata sa pagrerebolusyon ng uring proletaryo. Lubos na umaayon at nagtataguyod ito sa pagsusulong ng pakikibaka para sa makauring interes ng proletaryado. Pinalalaya nito ang pag-iisip ng uring proletaryo sa anumang pagbibigay-katwiran sa pagsasamantala at pang-aaping burges. Pinapatnubayan nito ang rebolusyonaryong pakikitungo ng uring proletaryo sa iba't ibang usaping nakakasalubong habang nagmamartsa patungong sosyalismo at komunismo.

Mulat at dalubhasang ginamit ng mga dakilang gurong komunista ang materyalismong diyalektiko para suriin at lutasin sa rebolusyonaryong paraan ang mga suliranin ng rebolusyong proletaryado sa kani-kanilang panahon.

Inilatag nina Marx at Engels ang pundasyon ng ideolohiyang proletaryo. Nilikha nila ang teorya ng syentipikong sosyalismo at pinamunuan nila ang praktika ng rebolusyong proletaryo sa panahong bago sumibol ang imperyalismo.

Si Lenin ang lumikha ng teorya at namuno sa praktika ng rebolusyong proletaryo at diktadura ng proletaryado sa panahon ng imperyalismo. Si Lenin ang dakilang lider at tagapagtatag ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet. Pinamunuan niya ang sosyalistang rebolusyon at ang pagtatayo ng unang estadong sosyalista na naging modelo at inspirasyon ng proletaryado sa buong daigdig. Pagkamatay niya, ipinagtanggol ni Stalin ang Marxismo-Leninismo at pinamunuan ang konstruksyon ng makapangyarihan at modernong sosyalistang ekonomya, lipunan at estadong Sobyet.

Iniambag naman ni Mao Zedong ang teorya at praktika ng pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Nilagom niya ang karanasan ng proletaryado sa diktadura ng proletaryado at sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, at nilinaw kung paano babakahin ang modernong rebisyunismo at ang panganib ng panunumbalik ng kapitalismo sa isang sosyalistang lipunan. Siya ang dakilang lider at tagapagtatag ng Partido Komunista ng Tsina. Sa pamumuno sa matagumpay na bagong demokratikong rebolusyon sa Tsina, nakapagbigay din siya ng mahahalagang ambag sa teorya at praktika ng rebolusyong dalawang-yugto at digmang bayan sa mga kolonya at malakolonya.

Ang katumpakan at kapangyarihan ng materyalismong diyalektiko ay napatunayan na ng rebolusyonaryong praktika ng proletaryado sa buong daigdig sa kulang-kulang 150 taon.

Upang mapamunuan ang rebolusyon hanggang sa tagumpay, kailangang ilapat sa kongkretong praktika ng rebolusyon ang mga unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Susi ang pagpapakadalubhasa ng Marxista-Leninistang partido sa paggamit ng materyalismong diyalektiko sa rebolusyonaryong praktika. Hindi lubos na mauunawaan ni puspusang magagamit sa praktika ang mga itinuro ng mga dakilang gurong komunista kung hindi inuunawa at itinataguyod ang kanilang pananaw sa daigdig.

Ang materyalismong diyalektiko ay mabisang sandata ng Partido sa pagbaka sa mga impluwensya ng ideyalismo at metapisika. Ang mga impluwensya ng ideyalismo at metapisika sa loob ng Partido ay nagbubunga ng paglihis sa tamang landas, pagkabulok, pagkahiwalay sa masa at pagkabigo.

Dapat masigasig at puspusang bakahin ng bawat Komunistang Pilipino ang ideyalismo at metapisika at sandatahan ang sarili ng materyalismong diyalektiko. Sa pagpapanibagong-hubog ng pananaw sa daigdig alinsunod dito, ang bawat isa’y magiging matatag, masigasig at tapat na kasapi ng Partido.

Ang materyalismong diyalektiko ang pinakabukal ng diwang rebolusyonaryo, magiting, puspusan at disiplinado na tatak ng isang Marxista-Leninistang Partido.

## B. Teorya ng Kaalaman ng Materyalismong Diyalektiko

### 1. Saan nagmumula ang mga wastong ideya?

Ang mga wastong ideya ay hindi hulog ng langit ni likas sa utak ng tao. Nagmumula ang mga wastong ideya sa praktikang panlipunan—ang paglahok sa pakikibaka para sa produksyon, tunggalian ng mga uri, at syentipikong pag-eeksperimento. Sa praktika nagmumula ang mga ideya at sa praktika nasusubok ang kawastuan ng mga ito.

Sa paglahok sa pakikibaka para sa produksyon, tunggalian ng mga uri at siyentipikong pag-eeksperimento, lumalahok ang tao sa pagbabago sa kalikasan at lipunan. Nakakaipon siya ng kaalaman hinggil sa mga katangian at mga batas ng pagkilos ng kalikasan at lipunan. Hiwalay sa praktikang ito, imposibleng makabuo ng wastong ideya ang tao, at imposibleng mapatunayan ang kawastuan ng anumang ideya.

Mula sa karanasan ay nakakabuo ang tao ng mga ideya at ginagamit niya ang mga ideyang ito sa praktika. Kapag nakamit sa praktika ang ninanais na resulta, napapatunayang wasto ang ideya at patuloy pang ginagamit ito sa praktika upang lalong mapalawak at mapayaman. Kapag hindi nakamit sa praktika ang mga ninanais o bahagi lamang ng ninanais, napapatunayang mali ang kabuuan o bahagi ng ideya. Papalitan ang buo o bahagi ng ideya na mali at ang bagong ideya ay muling susubukin sa praktika hanggang lubos na umangkop sa praktika. Sa ganitong paraan, nabubuo ang mga wastong ideya mula sa praktikang panlipunan.

Kaya't sa ating pag-aaral, kailangang manindigan tayo para sa praktika. Sa paghahanap ng katotohanang gagabay sa ating rebolusyonaryong praktika, bigyan ng pinakamataas na

pagpapahalaga ang mga datos at impormasyon mula sa tunay na buhay at kongkretong karanasan. Bakahin ang pagsamba sa libro at itaguyod ang masigasig at masusing pagsisiyasat ng lipunan at pag-aaral sa mga kongkretong karanasan. Gamitin sa praktika ang kaalaman at mga ideya at panghawakan ang mga ideyang napatunayan, sa pamamagitan ng praktika, na umaangkop sa katotohanan. Itinuturo sa atin ng paninindigang ito na maging mapagmasid, mapagsiyasat, masigasig, mapagpakumbaba at matapat sa pag-aaral.

Ang paninindigan para sa praktika ay paninindigan din para sa masa. Angkin ng masa ang tunay na masaklaw at malalim na karanasan sa lipunan at mga bagay kaya dapat mapagpakumbabang matuto sa karanasan at palagay nila. Ang karanasan ng isang tao ay dapat iugnay sa mas mayamang karanasan ng malawak na masa. Ang mga dakilang gurong komunista ay mga modelo sa pagbibigay ng matama at mapagpakumbabang pagsasaalang-alang sa karanasan ng malawak na masa sa mga dakilang kilusan at rebolusyon upang makabuo ng mga wastong ideya at teorya.

Sa kabilang banda, ang rebolusyonaryong praktika ay dapat patnubayan ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Kinakatawan nito ang karanasan ng rebolusyonaryong proletaryado sa buong daigdig sa kulang-kulang 150 taon. Ang pag-uugnay ng rebolusyonaryong praktika sa rebolusyonaryong teorya ay ang pag-uugnay ng rebolusyonaryong praktika sa mas masaklaw at mas mayamang rebolusyonaryong praktika.

## 2. Paano ang proseso ng pag-unlad ng kaalaman?

May tatlong yugto ang proseso ng pag-unlad ng kaalaman: ang yugto ng kaalamang perseptwal, ang yugto ng kaalamang rasyunal, at yugto ng pagbabalik ng ideya sa praktika.

### a) Yugto ng kaalamang perseptwal

Ang unang yugto sa proseso ng pag-alam ay ang pag-iipon ng mga obserbasyon, impresyon at mga datos na nasasalamin ng isip sa

pamamagitan ng pandama, paningin, pandinig, pang-amoy at panlasa. Ito ang yugto ng kaalamang pandama o perseptwal.

Naiipon ang mga impormasyong ito sa paglahok sa praktikang panlipunan. Nakikipag-ugnayan ang tao sa kanyang paligid, at ang unang nakikita at nadadama niya ay ang litaw na bahagi ng mga pangyayari, ang mga hiwa-hiwalay na aspeto, ang panlabas na relasyon ng mga bagay.

Ang kaalamang perseptwal o mga datos na nakalap ng paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa at pandama ay sumasalamin sa mga tunay na pangyayari at kalagayan. Ngunit ang mga ideyang nabubuo sa yugtong ito ay kalat-kalat, makaisang panig at pang-ibabaw. Hindi sinasalamin ng kaalamang perseptwal ang esensya ng mga bagay-bagay. Sa unang yugtong ito, hindi pa nakakabuo ng mga konsepto na higit na malalim, o nakagagawa ng mga lohikal na kongklusyon.

Halimbawa, ang mga kabataang aktibista na nag-iintegrasyon sa masa sa larangang gerilya ng BHB sa kanayunan. Sa mga unang araw, makikilala nila ang mga mandirigma ng sandatahang yunit pamproganda at ang ilan sa mga magsasaka at kanilang pamilya, at makakasama sila sa mga araw-araw na gawain ng SYP gaya ng pagsisiyasat at gawaing propaganda sa hanay ng mga magsasaka at pulong ng mga organisasyong masa. Mula sa tuwirang karanasang iyon, makabubuo sila ng mga impresyon at di-kumpletong larawan ng kalagayan ng masa at ng gawaing masa sa lugar, gayundin ng mga pamamaraan ng pagkilos ng hukbong bayan sa kanayunan. Sa yugtong ito ng pag-alam, hindi pa sila makakabuo ng kumpletong larawan ng kalagayan sa lugar at sa hakbang-hakbang na gawaing masa.

**b) Yugto ng kaalamang rasyunal**

Ang pagbubuo ng ideya, pagsusuri, paghinuha o pagbubuo ng teorya mula sa kaalamang perseptwal ang ikalawang yugto ng pag-alam. Ito ang yugto ng kaalamang rasyunal o nakakaunawa.

Maraming beses na nauulit ang pagdami at paglawak ng kaalamang perseptwal sa patuloy na pagsasapraktika sa lipunan. Mula rito, nabubuo sa isip ng tao ang mga ideya na nagpapalalim ng pag-unawa niya sa pakay ng praktikang panlipunan.

Sa yugtong ito, ginagamit ng tao ang kanyang utak para muling ihanay at pag-ugnay-ugnayin, at suriin ang kalat-kalat na datos o impormasyong pandama. Ibinubukod ang mga di mahalaga para mapili ang makabuluhan, inaalis ang mga huwad para mapili ang tunay, sa paraang pinag-uugnay-ugnay ang mga datos, bagay at pangyayari at tumutungo mula labas papaloob, para matuklasan ang esensya ng mga ito.

Samakatuwid dalawang bagay ang kailangan para matamo ang pag-igpaw mula sa kaalamang perseptwal tungo sa kaalamang rasyunal: Una, ang sapat na dami at yaman (hindi lang baha-bahagi) ng kongkretong datos o impormasyon (hindi guniguni at haka-haka lamang). Pangalawa, ang pag-iisip o pagsusuri at pagbubuo ng kongklusyon.

Ang pagbubuo ng mga ideya, kongklusyon o prinsipyo mula sa mga datos na nakalap ng pandama ay mas mataas at mas mahalagang hakbang sa pag-alam hinggil sa mga bagay. At ang produkto nito, ang mga teorya, samantalang abstrakto at naisalin na sa anyo ng mga ideya ay sumasalamin sa mga tunay na pangyayari nang mas malalim, mas totohanan at mas buo. Kaya't ang mga karanasan ay kailangang maitaas sa antas ng teorya.

Naiiba ang kaalamang perseptwal sa kaalamang rasyunal sapagkat ang kaalamang perseptwal ay nauukol sa magkakahiwalay na aspeto, sa litaw na mga pangyayari at sa panlabas na mga relasyon ng mga bagay, samantalang ang kaalamang rasyunal ay isang malaking pagsulong upang masapol ang kabuuan, ang esensya at ang panloob na relasyon ng mga bagay. Isinisiwalat nito ang mga panloob na kontradiksyon ng mga obhetibong bagay, ang kanilang mga batas at ang panloob na ugnayan nila sa isa't isa habang walang tigil na nagbabago.

#### k) Yugto ng pagbabalik ng teorya sa praktika

Hindi nagtatapos ang proseso ng pag-unlad ng kaalaman sa yugto ng kaalamang rasyunal. Sa yugto ng kaalamang perseptwal at kaalamang rasyunal hindi pa matitiyak kung ang nabuong kongklusyon o teorya ay umaayon sa realidad at kongkretong kalagayan. Kailangang subukin ang katumpakan ng teorya sa pamamagitan ng praktika.

Ito ang ikatlong yugto ng pag-unlad ng kaalaman—ang yugto ng pagbabalik ng teorya sa praktika.

Sa yugtong ito, ginagamit ang teorya para gabayan ang praktika. Sa paggamit ng teorya bilang gabay sa pagkilos, napapatunayan ang kawastuan ng teorya mula sa aktwal na resulta ng pagkilos. Gayundin, lalo pang napapaunlad ang teorya. Naiwawasto ang mga kamalian sa kaalaman at mga bahagi ng teorya na napatunayang hindi umaayon sa realidad. Sa higit pang praktika, lumilitaw rin ang bagong mga usapin at kalagayan na nangangailangan ng panibago't mas maunlad na teorya.

Halimbawa, matapos makalap ang sapat na datos, at masuri ang mga ito, mabubuo ang mga panimulang kongklusyon na sapat para makabuo ng plano. Kapag ipinatupad ang plano, masusubok ang katumpakan ng mga kongklusyon, kung may bahaging mali at kung may mga usaping di pa nabibigyan ng kaukulang pansin.

Ang pagbabalik ng teorya sa praktika ang pinakamahalaga at pinakamapagpasyang hakbang sa buong proseso ng pag-alam. Ang tanging layunin ng pag-aaral natin sa daigdig ay para baguhin ito. Patuloy lamang na uunlad ang kaalaman kung patuloy na ginagamit, sinusubukan at pinauunlad sa praktika ang mga ideya at teorya.

#### d) Ang buong proseso ng pag-unlad ng kaalaman

Tuklasin ang katotohanan sa praktika at muli sa pamamagitan ng praktika, patunayan at paunlarin ang katotohanan. Magsimula sa kaalamang pandama at aktibong itaas ito sa kaalamang nakauunawa; matapos ay magsimula sa kaalamang nakauunawa at aktibong

gabayan ang rebolusyonaryong praktika para baguhin kapwa ang obhetibong daigdig at suhetibong kamalayan ng tao. Praktika, kaalaman muli'y praktika na mas maunlad at muli'y kaalaman na mas maunlad. Mauulit ang anyong ito sa walang katapusang pag-ikid, kung saan ang nilalaman ng praktika at kaalaman ay sumusulong sa mas mataas na antas sa bawat pag-ikid.

Sa kabuuan dapat unawain na ang prosesong ito ay hindi makinis o tuloy-tuloy kundi batbat ng pag-ikot at pagliko, ng banayad na pag-unlad at mga biglang pag-igpaw.

Bakit ganito? Kailangan munang maipon mula sa praktika ang datos na sapat ang yaman bago mabuo sa isang pag-igpaw ang wastong ideya. Nalilimitahan ito ng umiiral na antas ng teknolohiya. May mga limitasyon ang kaalaman at karanasan ng mga tao, at may limitasyon rin ang kanyang kakayahan sa pag-aaral at pagkilos. Bukod pa rito, pwedeng malihis ang pagtingin at pagsusuri sa mga bagay dahil sa mga impluwensya ng ideyalismo.

Subalit mula sa simula, at sa bawat yugto ng pag-alam, ang nagpapasya sa bawat pagsulong ay ang mulat at aktibong papel ng tao na nag-aaral sa daigdig upang baguhin ito. Mayaman na rin ang kaalaman ng tao. Natuklasan na nito ang rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Napatunayan na ang unibersal na katotohanan ng rebolusyonaryong teorya sa mayamang karanasan ng rebolusyonaryong proletaryado at mamamayan sa buong daigdig. May mga bagong kalagayan at bagong hamon sa paglalapat ng rebolusyonaryong teoryang ito sa kongkretong praktika ng pagsusulong ng proletaryong rebolusyon. Itinuturo sa atin ng karanasan, at ng Marxista-Leninista-Maoistang teorya sa pag-unlad ng kaalaman, na patuloy na uunlad ang ating rebolusyonaryong praktika kapag ginagabayan ng rebolusyonaryong teorya, at patuloy ring uunlad ang rebolusyonaryong teorya sa puspusang pagsusulong at paglalagom ng rebolusyonaryong praktika.

Sa aktwal na buhay, karaniwang hindi lubos na blangko ang kaalaman at karanasan hinggil sa isang bagay. Karaniwang

nagsisimula tayo na may mapanghahawakan nang kaalaman at karanasan natin o ng iba. Kaya't samantalang tunay na pinahahalagahan natin ang tuwirang karanasan sa pag-alam hinggil sa mga bagay, kailangang mulat na gamitin ang mga naunang kaalaman at karanasan. Ang susi sa buong proseso ng pag-unlad ng kaalaman ay ang wastong pag-ugnay ng teorya at praktika sa bawat yugto. Dagdag pa, kailangan matuto tayo sa mga nakaraang karanasan at kaalaman at sa karanasan at kaalaman ng iba.

Ang kamalian ng empirisismo at dogmatismo ay ang paghihiwalay ng teorya sa praktika. Ang kamalian ng empirisismo ay ang pagtigil sa mas mababang yugto ng perseptwal na kaalaman; iginigiit ng empirisismo na tanging kaalamang perseptwal lamang ang mapagkakatiwalaan. Minamaliit nito ang gabay ng teorya. Sa gayon, hindi nauunawaan ng empirisismo ang esensya ng mga bagay. Ang kaalaman nito ay mababaw, makaisang-panig at di kumpleto. Itinatanggi nitong iugnay ang praktika sa teorya, at nagkakasya sa makitid na karanasan ng isang tao o maliit na grupo. Dahil tumatanggi sa pamamatnubay ng teorya, ang praktika tuloy ay nangangapa sa dilim.

Ang kamalian ng dogmatismo naman ay ang pagtangging ilapat ang teorya sa kongkretong praktika, ang pagkakasya sa mga kaalamang-aklat nang hindi binibigyan ng kongkretong laman ang mga teorya batay sa kongkretong kalagayan at karanasan. Ang teorya ay mga pangkalahatang katotohanan na nahango mula sa karanasan. Makapagbibigay ito ng pangkalahatang patnubay pero hindi nito maaaring masapol ang buong detalye at pasikut-sikot ng mga kongkretong kalagayan. Dagdag pa, patuloy na sumusulong ang daigdig at lipunan. Patuloy na lumilitaw ang mga bagong usaping hindi nasasaklaw ng nalagom nang mga karanasan. Nawawalan ng kabuluhan ang pag-aaral ng teorya kung hindi ito iuugnay sa kongkretong praktika.

## K. Esensya at Batas ng Paggalaw ng mga Bagay at Proseso

**1. Bakit para maunawaan ang isang bagay, ang batayan ng pag-iral at ang pag-unlad nito, kailangang pag-aralan ang panloob na katangian nito?**

Ang pundamental na batayan ng pag-iral at pagbabago ng bagay ay nasa loob., wala sa labas. Ang batayang ito ay ang mga kontradiksyon sa loob ng bagay.

Ang kontradiksyon ay ang magkasalungat na mga aspeto, pwersa o tendensya na magkasabay na umiiral at walang humpay na nagtutunggalian sa loob ng mga bagay. Ito ang pundamental na dahilan ng pag-iral at pagkilos ng mga bagay. Ang ugnayan at inter-aksyon nito sa ibang bagay sa paligid ay mga sekundaryong dahilan.

Para malaman ang katotohanan hinggil sa isang bagay o pangyayari, dapat ituon ang pangunahing pansin sa pagtuklas ng kontradiksyon sa loob at humango ng mga batas ng pag-unlad sa pamamagitan ng pagsubaybay sa pagkilos at ugnayan ng magkasalungat na mga aspeto. Kapag sinasabi nating suriin ang isang bagay, nangangahulugang tuklasin ang kontradiksyon sa loob at pag-aralan ang pagkilos at ugnayan ng bawat aspeto para malaman ang saligang katangian ng bagay at matukoy ang paraan ng paglutas sa kontradiksyon. Kung alam natin ito, mas aktibo at epektibo tayong makakikilos upang baguhin ang mga bagay.

Sa lipunan, ang panloob na mga kontradiksyon ay ang kontradiksyon sa pagitan ng relasyon sa produksyon at ng pwersa sa produksyon, ang kontradiksyon sa pagitan ng mga uri, at ang kontradiksyon sa pagitan ng luma at bago. Ang pagsulong ng mga kontradiksyong ito ang nagtutulak sa pag-unlad ng lipunan. Kaya't upang malaman ang nakaraan, kasalukuyang kalagayan at patutunguhan ng lipunan dapat ituon ang pag-aaral sa nabanggit na mga kontradiksyon. Ang pangunahing dahilan ng pagiging maunlad o pagiging atrasado ng lipunan, gayundin ng pagsiklab ng mga rebolusyon sa lipunan, ay nasa panloob na mga kontradiksyon at hindi sa impluwensya ng mga

panlabas na sanhi gaya ng ayuda o pakikialam ng mga dayuhan, heograpiya o klima.

Ang pag-unlad ng digmaan ay pangunahing itinatakda ng ugnayan, tunggalian at inter-aksyon ng pagsalakay at pagtatanggol, pagsugod at pag-atras, tagumpay at kabiguan. Kaya't sa pag-aaral ng digmaan dapat ituon ang pangunahing pansin sa pagkilos at ugnayan ng nabanggit na mga aspeto ng mga kontradiksyon at ang mga sirkunstansyang nagbibigay-daan sa pangingibabaw ng alinmang aspeto. Nagagapi o nagtatagumpay sa digmaan ang isang sandatahang hukbo pangunahin dahil sa panloob na kalagayan nito.

Ang buhay ng Partido ay pangunahing nakabatay sa salungatan at tunggalian ng iba't ibang klase ng mga ideya at ang mga tunggaliang pang-ideolohiya para malutas ang mga ito. Kaya't sa pag-aaral ng kalagayan ng Partido, dapat pagtuunan ng pansin ang kalagayan ng tunggalian sa pagitan ng mga ideya sa iba't ibang usapin. Upang maging mahusay sa pagbubuo ng Partido, susi ang wastong paghawak sa mga tunggaliang pang-ideolohiya para mapangibabaw ang proletaryong ideolohiya at linya. Ang lumang pinagsanib na Partido ay nabigo at nalusaw bunga ng pangingibabaw ng linyang burges ng mga Lava at Taruc sa matagal na panahon.

Samantalang sekundaryo, mahalaga rin ang mga panlabas na salik sa pagbabago ng mga bagay. Para lubos na maunawaan ang esensya ng isang bagay, hindi lamang ang saligang katangian nito ang dapat alamin kundi pati ang mga relasyon nito sa mga bagay sa paligid. Samantalang pundamental na batayan ng pagbabago ang panloob na kontradiksyon, ang mga panlabas na salik ay mga kalagayan para sa pagbabago. Ibig sabihin, ang ugnayan at ganting aksyon ng bagay sa mga bagay sa paligid ay nagpapabilis o nagpapabagal sa pag-unlad nito. Higit pa kailangan ang mga paborableng panlabas na kalagayan para malutas ang panloob na kontradiksyon.

Ang rebolusyong Pilipino ay pinapaboran ng mabilis na paglalim ng krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal, malubhang krisis ng sistemang kapitalista sa buong daigdig, ganap na pagguho ng

modernong rebisyunismo, at pagsulong ng pakikibaka ng mga manggagawa at mamamayan sa buong daigdig.

Ang masigla at wastong pagsusulong ng gawaing pang-ideolohiya sa loob ng Partido ay paborableng kalagayan para sa masiglang pag-unlad ng bawat kasapi ng Partido.

**2. Ano ang ibig sabihin ng pagiging absoluto o unibersal ng kontradiksyon?**

Ang ibig sabihin nito ay matatagpuan ang kontradiksyon sa lahat ng bagay at sa lahat ng proseso ng pag-unlad ng mga bagay. Nangangahulugan din ito na ang kontradiksyon ay tumatagos sa lahat ng proseso ng pag-unlad ng bawat bagay mula simula hanggang wakas.

Matatagpuan ang kontradiksyon sa lahat ng bagay sa daigdig, maging sa kalikasan, sa lipunan o sa pag-iisip ng tao. Kung walang kontradiksyon wala ang lahat. Ang kontradiksyon ang dahilan ng pag-iral ng lahat ng bagay.

Ang kontradiksyon ang unibersal na dahilan ng paggalaw ng mga bagay at matatagpuan mula simula hanggang wakas sa lahat ng proseso ng paggalaw ng mga bagay. May kontradiksyon kahit walang lantad na tungggalian sa isang bagay. Ang simpleng pagkakaiba ay naglalaman na ng kontradiksyon at ang pagkakaiba mismo ay kontradiksyon.

Dahil sa ang kontradiksyon ay absoluto o unibersal, ang daigdig ay kalipunan ng mga bagay na walang tigil sa paggalaw at walang humpay na dumaraan sa pagsibol at paglaho. Alinsunod sa prinsipyong ito, pinag-aaralan natin ang mga bagay sa kanilang walang humpay na pagbabago. Palagi tayong naninindigan para sa pagbabago at pagsulong. Puspusang rebolusyonaryo ang ating pananaw sa lipunan at lahat ng bagay. At hindi tayo nalilinlang ng mga panandaliang pagkatigil o pagkakalmante ng hinaharap na mga kalagayan.

### 3. Ano ang partikularidad ng kontradiksyon?

Nagkakaiba sa esensya, kalidad at katangian ang di mabilang na bagay at proseso. Maging sa isang proseso, may mga yugtong nagkakaiba-iba sa kalidad at katangian. Bunga ito ng partikularidad o pagkarelatibo ng kontradiksyon. Ibig sabihin, samantalang ang lahat ng kontradiksyon ay may katangiang magkakapareho bilang mga kontradiksyon, ang bawat kontradiksyon ay may katangiang partikular sa kanya. May namumukod na katangian ang mga aspeto ng bawat partikular na kontradiksyon. At may namumukod na katangian ang ugnayan at inter-aksyon ng mga aspeto ng bawat kontradiksyon.

Ang pagsulong ng lipunan ay naiiba sa iba pang proseso dahil sa angking partikular na katangian ng kontradiksyon sa pagitan ng relasyon sa produksyon at pwersa sa produksyon, at tunggalian ng mga uri. Ang digmaan ay naiiba sa iba pang proseso ayon sa partikularidad ng kontradiksyon ng pagsalakay at pagtatanggol sa sandatahang tunggalian. At sa buhay ng Partido, partikular na kontradiksyon ang tunggalian ng iba't ibang klase ng mga ideya na sumasalamin sa tunggalian ng mga uri at sa pagitan ng luma at bago sa lipunan.

Ang isang mahabang proseso ay hindi lamang nag-aangkin ng partikular na katangiang nag-iiba ng prosesong ito sa iba pa. Ang bawat yugto nito ay nag-aangkin din ng sariling partikular na katangiang naiiba sa iba pang yugto.

Habang hindi natatapos ang isang mahabang proseso, hindi nababago ang pundamental na kontradiksyon at ang esensya ng proseso na itinakda nito. Subalit sa iba't ibang yugto ay nagkakaiba ang tindi at anyo ng tunggalian ng mga aspeto ng pundamental na kontradiksyon at may mga partikular na katangian din ang ugnayan nito sa ibang mga kontradiksyon sa paligid. Nagkakaroon din ng mga pagbabago sa mga sekundaryong kontradiksyon tulad ng pansamantala o bahagyang pagkalutas ng ilan, paghupa o pagtindi ng ilan, at paglitaw ng mga bago.

Sa digmang bayan, halimbawa, samantalang nagpapatuloy at di nagbabago ang sentral na tungkulin sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika hanggang sa ganap na tagumpay, at ang mga yugto ng estratehikong depensiba, estratehikong pagkakapatas at estratehikong opensiba ay pawang mga yugto sa loob ng prosesong ito, magkakaroon sa bawat estratehikong yugto ng mahahalagang pagkakaiba sa katayuan at kakayahan ng hukbong bayan at kontrarebolusyonaryong hukbo; sa lawak, laki at tindi ng mga labanan; sa antas ng rebolusyong agraryo at pagbubuo ng mga base; sa laki at lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusang masa; sa lawak at tatag ng pambansang nagkakaisang prente; at maraming iba pa.

Dagdag pa, kailangan ang mga takdang kalagayan para sabay na umiral sa isang kabuuan ang magkasalungat na aspeto at umiral ang bagay o prosesong kaakibat nito. Kung wala ang kinakailangang takdang kalagayan, hindi iiral ang nasabing kontradiksyon. Higit pa, kailangan din ang mga takdang kalagayan para malutas ang isang kontradiksyon at hindi malulutas ang nasabing kontradiksyon kung wala ang kinakailangang kalagayan. Isa pang mahalagang bahagi at manipestasyon ito ng partikularidad ng kontradiksyon.

Halimbawa, ang lipunang kapitalista at ang kontradiksyon ng burgesya at proletaryado ay lumitaw lamang sa isang takdang antas sa pagsulong ng produksyon at ng lipunan sa kasaysayan. Ang solusyon sa kontradiksyong ito ay ang sosyalistang rebolusyon na magaganap at magtatagumpay lamang sa mga takdang kalagayan din.

Kaya't para maunawaan ang pagkakaiba sa esensya, kalidad at katangian ng mga bagay at proseso at matukoy ang angkop na solusyon sa mga partikular na kontradiksyon, kailangan ang masusing pag-alam sa mga partikular na katangian ng bawat kontradiksyon. Dapat iwasan ang pagiging suhetibo at arbitraryo sa pagtukoy sa mga partikular na kontradiksyon. Kailangang tuklasin ang tunay at kongkretong mga kontradiksyon, obserbahan ang mga

ito sa tunay na buhay at mula dito humango ng mga konklusyon hinggil sa esensya ng mga bagay.

Kailangan ang matamang pag-alam sa tunay na buhay at masinop na pagsusuri ng mga detalye ng katangian na mga bagay mula sa iba't ibang anggulo at sa iba't ibang kalagayan. Habang humuhusay tayo dito lalong umuunlad ang ating kakayahan at nagiging higit na epektibo ang ating pagtupad sa mga rebolusyonaryong tungkulin. Sa kabilang banda, nagbubunga ng kabiguan ang hindi pag-aaral sa mga partikularidad ng kontradiksyon. Halimbawa, tiyak na mabibigo ang rebolusyong Pilipino kung kokopyahin lang ang mga prinsipyo at karanasan sa matatagumpay na rebolusyon sa ibang bansa nang walang pagsasaalang-alang sa mga partikularidad ng kalagayan at sirkunstansya ng Pilipinas.

Ang kontradiksyon sa bawat bagay, ang kontradiksyon sa bawat isa sa mga proseso ng pag-unlad nito, ang dalawang aspeto ng kontradiksyon sa bawat proseso, ang kontradiksyon sa bawat yugto ng isang proseso, at ang dalawang aspeto ng kontradiksyon sa bawat yugto—lahat ng ito ay may sariling katangian, may partikularidad, at kailangang matamang siyasatin at suriin upang maunawaan ang bagay at prosesong sinusuri.

### 4. Ano ang relasyon ng unibersalidad at partikularidad kontradiksyon?

Dahil sa lubhang malawak ang sari-saring kategorya ng mga bagay at walang hanggahan ang kanilang pagbabago, ang isang unibersal sa isang konteksto at antas ng pag-aaral ay nagiging partikular sa ibang konteksto. Sa kabilang dako naman, ang isang partikular sa isang konteksto at antas ng pag-aaral ay nagiging unibersal sa ibang konteksto.

Ang tanging unibersal at absolutong katotohanan sa lahat ng bagay at panahon ay ang pagiging kontradiksyon at walang humpay na pagbabago ng lahat ng bagay. Gayunpaman, may mga kontradiksyon at katotohanan na unibersal at absoluto sa mas mababang saklaw ng pag-uusap. Halimbawa, ang tunggalian ng mga uri ay relatibo sa

buong kasaysayan ng lipunan ng tao, ibig sabihin, umiiral ito sa isang tiyak na yugto lamang ng kasaysayan. May mga lipunan sa nakaraan at sa hinaharap na walang mga uri at tunggalian ng mga uri kaya't hindi napaiilalim sa saligang mga batas ng tunggalian ng mga uri. Ngunit sa iba't ibang lipunan sa kasaysayan na may mga uri at tunggalian ng mga uri, ang kontradiksyon sa pagitan ng mga uri at ang saligang mga batas nito ay unibersal at absoluto, ibig sabihin, umiiral at tumatagos mula simula hanggang wakas ng lahat ng proseso ng pag-unlad ng bawat makauring lipunan.

Dagdag pang halimbawa, ang mga saligang teorya ng rebolusyong proletaryo ay relatibo kung ihahambing sa iba't ibang naunang rebolusyon sa mahabang kasaysayan ng makauring lipunan. Ibig sabihin, angkop lamang ang mga ito sa rebolusyon laban sa paghahari ng burgesya at habang umiiral ang tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya, at hindi sa mga naunang rebolusyong tulad ng rebolusyong burges laban sa pyudalismo. Ngunit kung ihahambing sa mga rebolusyong pinamumunuan ng mga partido ng proletaryado sa iba't ibang bansa at sa iba't ibang yugto ng pagsulong ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo, ang mga saligang prinsipyo ng rebolusyong proletaryo ay unibersal. Ibig sabihin maari at dapat gamiting patnubay sa lahat ng rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at partidong pampulitika nito.

Sa pag-aaral ng relasyon ng unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon, dapat unawain na ang unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon ay likas sa lahat ng bagay at umiiral nang magkalakip sa mga kongkretong bagay. Ang unibersalidad ay matatagpuan sa kongkretong mga bagay at umiiral na kaugnay at kalakip ng partikularidad.

Kaya't upang maunawaan ang esensyang komun o unibersal ng mga bagay o mga bagay sa isang kategorya, kailangang pag-aralan ang maraming partikular na bagay at kontradiksyon. Mula sa pag-aaral na ito, nakakatas ang unibersalidad. Halimbawa para maunawaan ang esensyang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino,

kailangang pag-aralan ang kasalukuyang kalagayan at ang iba't ibang yugto ng pag-unlad nito sa kasaysayan. Kailangang pag-aralan ang kalagayan ng bawat uri at ang ugnayan ng bawat isa sa larangan ng ekonomya, pulitika, kultura, militar at sosyal sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang bahagi ng bansa. Para maunawaan ang kalagayan ng uring magsasaka sa kabuuan, kailangang mag-ipon ng mayamang datos mula sa pagsisiyasat at pananaliksik sa kalagayan ng mga baryo, iba't ibang anyo ng pagsasamantala at pang-aaping dinaranas nila, ugnayan nila sa iba't ibang uri sa iba't ibang larangan at usapin, at ang kasaysayan ng kanilang mga rebolusyonaryong pakikibaka.

Sa kabilang banda, kapag nalaman na ang esensyang komun ng mga bagay o isang grupo ng mga bagay, magagamit ang kaalamang ito upang higit na masaklaw, makabuluhan at sistematikong pag-aralan ang iba pang partikular na mga bagay. Halimbawa ang kaalaman natin sa mga saligang katangian ng lipunang Pilipino ay magagamit nating patnubay para sa patuloy na panlipunang pagsisiyasat, pagsusuri sa mga kongkretong isyung lumilitaw sa bawat panahon, pagpalalim ng kaalaman sa kalagayan at relasyon ng mga uri, at sa pagharap sa mga rebolusyonaryong tungkulin sa pagbabago nito.

Dahil sa ang unibersalidad at ang partikularidad ay magkalakip at magkaugnay na umiiral sa mga kongkretong bagay, kailangan bigyang pansin kapwa ang esensyang unibersal at partikular at ang ugnayan nila sa pag-aaral sa katangian ng mga kongkretong bagay. Mahalaga ang pag-alam sa partikularidad ng kontradiksyon upang mapag-iba ito sa ibang kontradiksyon. Mahalaga naman ang pag-alam sa unibersalidad ng kontradiksyon upang maiugnay ito sa ibang kontradiksyon. Kapwa kailangan ang dalawa at matukoy ang ugnayan nila upang lubos na maunawaan ang esensya ng mga bagay at ang buong katotohanan hinggil sa kanila.

Halimbawa, sa pag-aaral ng kalagayan sa mga pabrika, may partikular na katangian ang kalagayan ng mga manggagawa, ang kanilang mga suliranin, ang antas ng organisasyon at kamulatan nila, ang kanilang relasyon sa kapitalista. Sa kabilang banda naman kailangang maiugnay ang partikular na kalagayan nila sa kalagayan

ng buong uring manggagawa, ng buong uring burges, at iba pang mga uri sa lipunan sa iba't ibang usapin hinggil sa ekonomya, pulitika, at kultura. Sa ganitong paraan mauunawaan ang katangian ng kalagayan na partikular sa kanila at kapareho sa ibang pabrika at buong lipunan. Ganito din dapat ang pag-aaral sa iba pang usapin. Sa pagharap sa mga tungkulin, kung mahigpit na nauunawaan ang partikularidad ng kontradiksyon, nabibigyan ng angkop na hakbang ang partikular na katangian ng suliranin. Samantala kailangang iugnay ang pagharap sa mga partikular na tungkulin sa mga pundamental na tungkulin ng rebolusyon, nang sa gayon ay magkaroon ng wastong rebolusyonaryong katangian at perspektiba ang pagharap at pagtupad sa mga ito.

**5. Ano ang kahalagahan ng pag-aaral sa di pantay na katayuan ng mga kontradiksyon sa pag-unawa sa katangian at pag-unlad ng mga bagay at proseso?**

Sa daigdig, walang bagay na sumusulong nang pantay na pantay at timbang na timbang. Sa katunayan, mas natural at mas karaniwan ang di pantay na pag-unlad. Sa tunggalian ng mga pwersa, tendensya o aspeto ng magkasalungat, karaniwang di pantay ang katayuan ng isa't isa. Makikita ang di pagkakapantay-pantay sa katayuan at gawain ng mga kontradiksyon sa iba't ibang proseso at yugto ng pag-unlad ng mga proseso at sa relasyon ng mga aspeto ng kontradiksyon sa iba't ibang kalagayan.

Sa anumang proseso na may higit sa isang kontradiksyon, laging may prinsipal na kontradiksyon na sa kanyang pag-iral at pagkilos ay gumaganap ng mapagpasyang tungkulin o impluwensya sa pag-iral at pagkilos ng iba pang kontradiksyon. At sa bawat yugto ng isang proseso palagi ring may isang prinsipal na kontradiksyon na gumaganap ng nangunguna at mapagpasyang gawain. Ang pag-iral at pagkilos ng prinsipal na kontradiksyon sa buong proseso at bawat yugto ng isang proseso ay mapagpasyang nagtatakda sa katangian at takbo ng isang proseso at ng bawat yugto ng isang proseso.

Ang prinsipal na kontradiksyon sa lipunang Pilipino ngayon ay ang kontradiksyon sa pagitan ng reaksyunaryong alyansa ng

imperyalismong US, malaking burgesyang komprador, at uring panginoong maylupa sa isang panig at ng mga uring manggagawa, magsasaka, petiburges at pambansang burges sa kabilang panig. Ito ang nagtatakda sa saligang katangiang pambansang demokratiko ng kasalukuyang rebolusyon sa Pilipinas.

Sa pagharap sa anumang suliranin o tungkulin, dapat bigyan ng natatanging pansin ang pagtukoy sa prinsipal na kontradiksyon. Bastat napapanghawakan ito, madaling malutas ang mga suliranin at mabisang maisusulong ang mga gawain.

Sa anumang kontradiksyon, karaniwang di pantay ang pag-unlad ng dalawang aspeto. Ang mga panahong tila pantay ang pusisyon ng mga aspeto ay pansamantala lamang habang saligan ang panahong hindi sila magkapantay. Ang isa sa dalawang aspeto ay gumaganap ng nangungunang papel at ang isa ay sekundaryo. Ang pangunahing nagpapasya sa kalikasan ng bagay ay ang prinsipal na aspeto ng kontradiksyon, ang aspeto ng kontradiksyon na nangingibabaw ang pusisyon.

Ngunit di tigil ang katayuang ito. Nagpapalitan ng pusisyon ang mga aspeto ng kontradiksyon, mula sa pusisyong sekundaryo ay nagiging prinsipal ang isa at mula naman sa pusisyong prinsipal ay nagiging sekundaryo ang kabila. Ang pagbabago ng pusisyon ng mga aspeto ay itinatakda ng paghina o paglakas ng bawat isa habang umuunlad ang bagay. Sa pagbabago ng pusisyon ng mga aspeto, nagbabago rin ang katangian ng bagay. Ito ang proseso ng "pangingibabaw ng bago sa luma" na nagaganap sang-ayon sa panloob na esensya at panlabas na kalagayan ng bagay. Ang pangingibabaw ng bago sa luma ay isang walang hanggan at di mababaling batas ng daigdig.

Dahil nangingibabaw sa buong lipunang Pilipino ang imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo, malakolonyal at malapyudal ang katangian ng lipunan. Ngunit sa mga bahagi ng kanayunan na sumusulong ang digmang bayan, unti-unting nakapangingibabaw ang pwersa ng mamamayan at unti-unti ring nababago ang katangian ng lipunan sa mga ito. Kung

makakapangibabaw na ang pwersa ng mamamayan sa buong bansa magbabago na ang katangian ng lipunang Pilipino sa kabuuan.

Sa pamamagitan ng pagsapol sa prinsipal na kontradiksyon at prinsipal na aspeto ng kontradiksyon, higit na mauunawaan ang kongkretong katangian ng mga bagay at proseso at wastong matutukoy ang kalutasan ng mga suliranin o di kaya'y aktibong maisusulong tungo sa mas mataas na yugto ang isang proseso.

### 6. Paano nalulutas ang isang kontradiksyon, nagwawakas ang isang lumang proseso at lumilitaw ang bagong proseso?

May simula at katapusan ang lahat ng proseso. Pagkalutas ng kontradiksyong nagtatakda ng pag-iral ng isang proseso, natatapos din ang prosesong ito at lumilitaw ang bagong kontradiksyon at bagong proseso.

Sa pagsulong ng isang bagay o proseso, dumaraan ito sa dalawang antas ng paggalaw, ang antas na sa biglang tingin ay tiwasay—o antas na relatibong tigil—at ang antas ng litaw na pagbabago. Kung nasa unang antas ng paggalaw ang bagay, nasa katayuan ito ng kantitatibong pagbabago. Unti-unting tumitindi ang tunggalian at unti-unting nababago ang pusisyon ng bawat aspeto. Lumalakas ang bago at lumulubog ang katayuan ng luma. Hindi pa ito ang yugto ng pagbabago sa kalidad ng bagay, kaya't sa biglang tingin, ang bagay ay tigil sa antas na ito.

Kapag umabot sa kasukdulan ang pagbabagong kantitatibo o umabot sa isang tiyak na tindi ang tunggalian ng mga aspeto ng kontradiksyon, papasok naman ang antas ng litaw na pagbabago o pagbabago sa kalidad. Sa antas na ito nawawasak ang kombinasyon ng magkasalungat na aspeto at naglalaho ang bagay na kaakibat nito o natatapos ang prosesong kaakibat nito, at lumilitaw ang bagong kontradiksyon, bagong bagay o bagong proseso.

Nagaganap ang pagkawasak ng kombinasyon ng magkasalungat na aspeto o ang lubos na transpormasyon sa paraang ang lumang aspeto ay nilalamon o inaalisan ng kondisyon para makairal.

Natatransporma ang mga aspeto sa kanilang kasalungat at lumilitaw ang ganap na bagong kontradiksyon.

Halimbawa, sa kasalukuyang demokratikong rebolusyon ng bayan, nakikibaka ang pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan sa ilalim ng pamumuno ng Partido upang matransporma ang malakolonyal at malapyudal na lipunan sa isang malaya, demokratiko, maunlad na lipunan. Nilulutas nito ang kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo at ng sambayanang Pilipino. Hakbang-hakbang na ibinabagsak ang kapangyarihang pampulitika ng naghaharing uri at pinalalakas ang rebolusyonaryong kapangyarihang bayan. Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, matatransporma ang mga naghaharing uri tungong pinaghaharian at ang dating pinaghahariang mga uri ay matatransporma sa naghahari. Sa pagtagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan, ang magiging prinsipal na kontradiksyon sa lipunan ay sa pagitan ng burgesya at proletaryado at sisimulan naman ang sosyalistang rebolusyon para malutas ito at patuloy na mapasulong ang lipunang Pilipino.

Ang suliranin sa lupa sa kanayunan ay nakabatay sa tunggalian ng monopolyo sa lupa ng uring panginoong maylupa at adhikain ng masang magsasaka na makapag-ari ng sariling lupa. Rebolusyong agraryo ang kalutasan—dito ang panginoong maylupa na may monopolyo sa lupa ay matatransporma tungo sa kawalang lupa o kawalang monopolyo sa lupa at ang masang magsasaka na dating nawalan o walang lupa ay mag-aangkin ng lupa. Ito ang pangunahing nilalaman ng bagong tipong demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

Matapos ang bagong tipong rebolusyong demokratiko na pinamumunuan ng proletaryado, ang pangunahing usapin naman sa kanayunan ay ang tunggalian sa pagitan ng modernisasyon ng agrikultura at ng maliit at hiwa-hiwalay na produksyon na sumasagka sa una. Ang solusyon ay hakbang-hakbang na kooperasyon at kolektibisasyon ng pag-aari ng lupa at kagamitang pansaka upang modernisahin ang agrikultura at maiangat mula sa paghihikahos ang masang magsasaka.

Mahalagang bahagi ng pag-unawa sa paglutas sa kontradiksyon ang pag-unawa sa iba't ibang anyo ng tunggalian ng magkasalungat na mga aspeto. Dahil iba-iba ang katangian ng mga kontradiksyon, iba-iba rin ang anyo ng tunggalian ng mga aspeto at iba-iba rin ang kalutasan.

Ang mga saligang anyo ng tunggalian ng mga aspeto ng kontradiksyon ay antagonistiko at di antagonistiko. May nagtutunggalian sa anyo ng litaw na labanan at may nagtutunggalian sa anyong mahinahon at payapa. Ang mga antagonistikong kontradiksyon ay nalulutas sa paraang antagonistiko o marahas samantalang ang di antagonistikong kontradiksyon ay maaaring malutas sa paraang mahinahon. At, sa ilalim ng ilang tiyak na kalagayan, ang antagonistikong kontradiksyon ay maaaring maging di-antagonistiko at ang di-antagonistiko naman ay maaaring maging antagonistiko. Kaugnay nito, nangangailangan ng kongkretong pag-aaral sa mga sirkunstansya ng bawat tiyak na tunggalian at di dapat mekanikal na maggigiit ng mga dekahong solusyon.

Sa esensya, ang tunggalian sa pagitan ng nagsasamantalang uri at pinagsasamantalahang uri ay antagonistiko kaya't rebolusyon ang solusyon dito. Ngunit may panahon ding di antagonistiko ang tunggalian ng mga uri, tulad halimbawa sa panahong di pa hinog para sa rebolusyon ang isang makauring lipunan. Matapos ang demokratikong rebolusyon ng bayan at sa kalagayang nasa pamumuno ng proletaryado ang estadong bayan, ang antagonistikong kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at pambansang burgesya ay maaaring matransporma sa di antagonistikong kontradiksyon at malutas sa payapang paraan. Ang tunggalian ng mga ideya sa loob ng Partido ay di antagonistiko sa saligan. Ngunit may mga tunggalian din ng mga ideya sa loob ng Partido na nagiging antagonistiko kung tumungo ito sa pagbubuo ng anti-Partidong mga paksyon na nanabotahe sa rebolusyon.

## Mga Sanggunian:

1. Mao Zedong, "*Hinggil sa Praktika*", **MGA PILING AKDA**, Aklat I

2. Mao Zedong, "*Hinggil sa Kontradiksyon*", **MGA PILING AKDA**, Aklat I

3. V.I. Lenin, "*Karl Marx*"